Pangalan ng Negosyo

Ang lathalang ito ay inihanda ng Canada-Ontario Service Centre (COBSC) sa pagtulong ng Ministry of Government Services (MGS) bilang isang maikling pagsusuri ng mga bagay na isinaalang-alang sa pagpili ng pangalan ng iyong negosyo. Dapat ninyong malaman na alinman sa COBSC o ang MGS ay nagbibigay ng payo o legal advice. Ang impormasyong ito ay laan sa pangkalahatang gabay lamang.

Ang pagpili ng tamang pangalan ng negosyo ay isang mahalagang pasya. Ang nais mong pangalan na aakit ng maraming parokyano, tumulong sa kliyente na makilala ang iyong kumpanya na magtatag ng larawan ng iyong negosyo. Ang sumusunod ay listahan ng ilang paksa na dapat isaalang-alang sa pagbibigay ng pangalan sa iyong negosyo.

Talaan ng Nilalaman

1. Magpasiya ng Dapat Isama sa Pangalan ng Negosyo
2. Pagsusubok sa Inaasahang Pangalan ng Negosyo
3. Paghahanap ng Pangalan ng Kumpanya
4. Paghahanap ng Rehistradong Pangalan ng Negosyo sa Ontario
5. Paghahanap ng Pangalan ng Negosyo na Federally-Incorporated
6. Paghahanap ng Rehistradong Trade-Marks
7. Pagpili ng Kaayusan ng Negosyo
8. Pagpapatala ng Pangalan ng Negosyo
9. Inkorporasyon ng Negosyo
10. Pagkatapos ng Lahat (the Bottom Line)

1. Magpasiya ng Dapat Isama sa Pangalan ng Negosyo

Ang magandang pangalan ng negosyo ay mabisang gamit ng pag-aanunsiyo at nagbibigay-alam tungkol sa iyong negosyo tuwing ang kanyang pangalan ay nababangit. Binibigyan ng parokyano ng kahulugan ang iyong negosyo at tumulong na ituro ang pakay ng iyong negosyo.

Kapag naghahanap ng pangalan ng negosyo, ilang numero ng iba’t-ibang bagay ay dapat isaalang-alang upang masiguro ang mga sumusunod:

- Ang pangalang pinili ay angkop para sa palengke ng iyong ibang kakumpetensiya;
- Ito ang maikli at madaling matandaan;
- Ito ay bukod-tangi upang maiba sa kakumpentensiya;
- Ito ay hindi labag sa kasalukuyang negosyo na inkorpora o trade-mark.

Mabuting pag-isipan ang uri ng negosyo para sa nauukol na mamimili ng iyong produkto o serbisyo sa pagpili ng pangalan ng negosyo. Kung ang iyong parukyano ay ukol lamang sa ibang negosyo o industriyal na kliyente (negosyo-sa-negosyong transaksyon), isang malakas,naglalarawang pangalan ay maaring piliin upang magbigay ng potensyal na parokyano na malinaw na pagintindi kung ano ginawa ng iyong kumpanya (halimbawa, Jet Blast Inc.,Noise Cancellation Technologies Inc. atbp.) Kung ang iyong parokyano ay para sa mga parokyano lamang, maari mong piliin ang pangalan na magdadala ng hindi malilimutang larawan(halimbawa, Titanic Salvage, Timbuktu Tours, Sahara Sandblasting, atbp.).

2. Pagsusubok sa Inaasahang Pangalan ng Negosyo

Piliin ng ilang pangalan na akma sa larawang nais mong ilikha.Subukan ito sa iyong kaibigan, pamilya at potensyal na parokyano.Subukan ang ilang pangalan na malakas ang talinhaga, at iba sa gitna nito. Magbigay ng partikular na pansin sa pagsubok ang mga taong iyong pinatatamaang bumili-ang mahalagang pangkat ng parokyano na magiging suki mo pagkatapos na maitayo ang iyong negosyo. Hayaan mo silang magsulat ng kanilang marka kung ano dapat na ipagbili ng iyong negosyo, paano ito palalakarin. Magpalitan ng kuro-kuro.

3. Paghahanap ng Pangalan ng Kumpanya

Bago gawin ang huling pasiya ng pangalang ng negosyo,kalimitan ay pinapayo na magsiyasat kung ang pangalan na iyong naiisip ay mayroon ng gumamit. Ang pinaka-kumpletong pagsisiyat ay ginawa na may bayad, ng pribadong search house companies, ngunit,maaring mo ring masiyasat ng sarili ng pangalan ng negosyo. Mahalaga na ang iyong paghahanap ay sapat ,kasama ang napatalang negosyo, inkorporasyon at trade-marks.

Paunawa: Mayroon ilang mga bilang ng kasangkapan sa paghahanap na maaring pangalan ng negosyo sa paggamit ng Internet. Kung hindi kayo makapunta sa Internet, maari kayong pumunta sa pampublikong silid aklatan at gamitin ang kanilang “workstations” na konektado sa Internet.

4. Paghahanap ng Rehistradong Pangalan ng Negosyo sa Ontario

Maaring maghanap sa rekord ng Companies and Personal Property Security Branch of the Ministry of Government Services (KGS)ng iyong sarili sa Toronto Office o via isang Ontario Business Connects workstation (OBC) bago magpatala ng isang pangalan ng negosyo.Ang Companies and Personal Property Security Branch ay nag-aalok ng ilang bilang ng pangalan ng negosyo at corporate search products sa iba'ibang bayad . Ang Companies and Personal Property Security Branch ay makikita sa 375 University Avenue (2nd floor).

Ang ilang OBC workstations ay pinapalakad ng lisensiyadong wholesalers na may kontrata sa MGS. Ang bayad sa paggamit ng workstations na ito ay depende kung sino ang operator.

Para sa karagdagang impormasyon:
Tumawag po sa **(416)314-8880** o **1-800-361-3223**
Pumunta sa web site: Ontario Business Connections Workstation Listings

Paunawa: Maaring kang magsiyasat ng naitalang pangalan ng negosyo sa ibang probinsiya sa pamamagitan ng ototridad sa pagpapatala ng negosyo ng ibang probinsiya.

5. Paghahanap ng Pangalan ng Negosyo na Federally-Incorporated

Maaari kang maghanap ng pangalan ng lahat na negosyo na federally-incorporated (kasali iyon na may negosyo sa loob ng Ontario) sa Industry Canada's Web site.

6. Paghahanap ng Rehistradong Trade-Marks

Ang trade-mark ay isang salita, simbolo, dibuho- kumbinasyon ito (gaya ng graphic logo na mayroong slogan)-ginagamit sa kaibahan ng paninda o serbisyo ng isang tao o samahan sa pagtulad sa iba sa lugar ng palengke. Ang trade-marks ay hindi lamang paninda at serbisyo kasama dito ang reputasyon ng negosyo. Maaaring ipagtanggol ang naitalang trade-mark sa pamamagitan ng legal na paglilitis sa maling paggamit at imitasyon.

Ang pagsisiyasat ng trade-mark ay maaring gawin sa pamamagitan ng pagpunta sa reference section ng silid aklatan at Internet sa Industry Canada's Web site o kaya ay mag-arkila ng rehistradong trade-mark agent upang gawin ang paghahanap(nakalista sa Internet sa Industry Canada's Web site (tingnan sa ibaba).

Para sa dagdag na impormasyon:
Pumunta sa Web sites :
Canadian Trade-Marks Database
Trade-Mark Agents List.

7. Pagpili ng Kaayusan ng Negosyo

Ang kaayusan ng negosyo na iyong pinili ang magtatakda ng paraan sa pagtatatag ng pangalan ng negosyo. Bago ka magpasiya sa pangalan, dapat kang magpasiya kung ang iyong negosyo ay, Nag-iisang May-ari, Kasosyo ,Korporasyon o Ko-operatiba, dahil sa epekto sa pangalan ng iyong negosyo.

Para sa karagdagang Impormasyon:
Tingnan ang dokumento Porma ng Samahan na Negosyo

Pagpapatala ng Pangalan ng Negosyo
Kung pinili mong ipatala ang isang negosyo, kailangan mong ipatala ang pangalan bago ito maaring gamitin. Pagkatapos na ma-ipatala sa Companies and Personal Property Security Branch,ikaw na tatanggap ng isang MBL (Master Business License),ang lisensiyang ito ay patunay ng pag-rehistro ng iyong pangalan ng negosyo na ipapakita sa isang financial institution o sa ibang transaksyon na kaugnay ng iyong negosyo sa Government of Ontario.

Para sa dagdag na impormasyon:
Tumawag sa **(416) 314-8880** o **1-800-361-3223**
Pumunta sa Web sites:
Business Name Registration
Guide to Registering your Business Name in Ontario

9. Inkorporasyon ng Negosyo

Ang ilang negosyante ay pinili ang inkorporasyon sa pagtatatag ng korporasyon (kaysa sa ipatala) dahil nagbibigay ito ng karagdagan kaligtasan sa ilalim ng batas. Kung pinili mo na iinkorpora ang iyong negosyo,kailangan mong piliin ang sakop nito, federal o probinsyal. Mayroong bentahe at disbentahe sa inkorporasyon,bago mo iinkorpora ang negosyo, kaya dapat mong isangguni sa isang abogado na nakakaalam ng inkorporasyon.

Para sa dagdag na impormasyon
Tumawag sa **(416-8880** o **1-800-361-3223)**
Pumunta sa Web site: Incorporating
Basahin ang mga lathalang:
Federal Business Incorporation- Canada Business Corporations Act (CBCA).
Ontario Busines Incorporation.

Paunawa: Ang pagtrade-mark ng isang pangalan ng negosyo ay nagbibigay rin ng hakbang na proteksyon. Para sa dagdag na impormasyon sa trade-marks, basahin ang lathalang Trade-marks.

10. Pagkatapos ng Lahat (the Bottom Line)

Ang pagpili ng pangalan na madaling matandaan at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kalakal o serbisyo iyong iniaalok ay laging mabuti.Kahit anumang pangalan ang gamitin ay matapat na larawan o matalinghaga, pagkatapos ng lahat, dapat nitong sagutin ang tanong ng parokyano:
“Ano ang aking maaasahan?”

Ang Canada-Ontario Business Service Centre (COBSC/CSECO) ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa pagnenegosyo sa Ingles at Pranses, ang mga opisyal na wika sa Canada. Ang mga kopya ng ilan sa aming mga pinaka-makakatulong na dokumento ay isinalin sa ibang mga wika. Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon sa pagnenegosyo, mangyaring tumawag sa 1-888-576-4444 upang makausap ang isang COBSC/CSECO Information Officer.